


> “May kakayahan ba tayong piliin ang Diyos ayon sa kung sino Siya? Hindi… Siya ang pumili sa atin.”

What about...
human choice and God’s grace? - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 4 of 7-MLP Cat No 385526
Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ano Ang Tungkol Sa ...

## KAPASYAHAN NG TAO AT KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS?



# *Ano Ang Tungkol Sa … Kapasyahan Ng Tao At Ang Kagandahang-Loob Ng Diyos?*

Ano ang kakainin ko? Ano ang isusuot ko? Ano ang gagawin ko mamaya? Pagpili. Pagpapasya. Ito ay ginagawa natin araw-araw.

May kakayahan ba tayong piliin ang Diyos? Maaari nating piliing kathain ang Diyos, at sa paraang kanyang sasabihin at gagawin kung ano ang nais natin. Matagal na itong ginagawa ng mga tao. Mayroong gumagawa ng mga imahen upang kanilang sambahin; ang iba naman ay naghahaka-haka tungkol sa mga kaisipang panrelihiyon. May ilan ding kumakatha ng isang “diyos” ayon sa kanilang sariling kaisipan. Ngunit may kakayahan ba tayong piliin ang Diyos ayon sa kung sino Siya? Ang sagot ay wala.

Bakit wala?

Una, sa ating sarili ay wala tayong kakayahang maunawaan kung ano ang tulad ng Diyos. Wala tayong paghahambingan. Ang Diyos ay higit na mataas at higit na malalim sa anumang ating naranasan. Paano natin pipiliin ang isang hindi natin kayang maunawaan?

Ikalawa, sa ating sariling kakayahan ay hindi natin mauunawaan kung ano ang ginawa ng Diyos para sa atin. Inibig ng Diyos ang sangkatauhan nang gayon na lamang upang ihandog ang kanyang sariling Anak, si Jesus. Ipinaako niya kay Jesus ang ating kasalanan upang ang bawat isang tao ay maligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ang kalayaang ito mula sa kasalanan at kamatayan ay ipinagkakaloob ng Diyos nang walang bayad sa lahat ng tao. Hindi mauunawaan ng kahit na sinong tao ang sakripisyong ginawa ni Jesus o ang kagandahang-loob ng Diyos. Likas sa atin na isipin na ito ay ating matatamo sa pamamagitan ng paggawa nang mabuti. Ngunit ito ay walang bayad na kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus.

Ikatlo, lubhang abala tayo sa ating sariling mga kaisipan at mga gawain kaya’t wala na tayong oras para sa Diyos. Ito ay likas din sa atin. Sinasabi sa Biblia na tayo ay patay dahil sa ating kasalanan (Efeso 2:1). Kung sa ating sariling kalakasan lamang, wala tayong kakayahang piliin si Jesus, kung paanong ang patay na katawan ay walang kakayahang buhayin itong muli.

Ngunit walang imposible sa Diyos. Binubuksan ng Diyos ang ating kaisipan upang ating maunawaan ang mensahe tungkol sa kanyang pag-ibig sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Ang mensahe tungkol kay Jesus ang pumupukaw sa pananampalataya sa ating mga puso.

Ginawa ng Diyos ang lahat. Isinugo niya si Jesus. Ipinahayag niya sa atin ang tungkol sa kanyang pag-ibig. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang Salita, lumilikha siya ng pananampalataya sa ating mga puso. Ang lahat ay dahil sa kagandahang- loob ng Diyos mula simula hanggang sa huli. Tinatanggap lang natin ito. Malaya tayong pinili ng Diyos ayon sa kanyang kagandahang-loob sapagkat bilang mga makasalanan ay wala tayong kakayahang piliin siya. Hindi natin pinili ang Diyos; tayo ang pinili ng Diyos.

*“Inibig ng Diyos ang sangkatauhan nang gayon na lamang upang ihandog ang kanyang sariling Anak, si Jesus”*

